# Pagpapalit ng mga tagapag-empleyo sa Qatar

## Mahalagang impormasyon para sa mga manggagawa

MINISTRY OF LABOUR

Ang lahat ng mga manggagawa sa Estado ng Qatar ay maaaring magpalit ng trabaho nang hindi kinakailangang kumuha ng Sertipikasyon ng Hindi Pagtutol (No Objection Certificate, NOC) anumang oras sa panahon ng kanilang kontrata.

Habang ang pagtanggal ng NOC ay sumasaklaw sa lahat ng mga manggagawa, ang mga patakaran upang tapusin ang isang kontrata sa pagtatrabaho at pagbabago ng mga trabaho ay magkakaiba para sa iba't ibang kategorya ng mga manggagawa.

### KUNG KAYO AY NAGTATRABAHO SA PRIBADONG SEKTOR NA SAKOP NG BATAS SA PAGGAWA BLG. 14 NG 2004

### Anong pamamaraan ang kailangan kong sundin upang magpalit ng trabaho?

1. Kailangan ninyong magsumite ng aplikasyon para magpalit ng trabaho sa pamamagitan ng elektronikong sistema ng abiso ng Minsitri ng Paggawa (Ministry of Labour, MoL). Pumunta sa Website ng ministri at mag-print ng kopya ng form na "Magpalit ng tagapag-empleyo". Punan ang form ng lahat ng hinihiling na impormasyon tungkol sa inyong sarili at tungkol sa inyong bagong tagapag-empleyo, pagkatapos ay lagdaan ito. Hilingin din sa inyo ng bagong tagapag-empleyo na ilagay ang opisyal na selyo ng kumpanya at lagdaan ang form.
2. Kunan ng litrato o i-scan ang nakumpleto at nilagdaang form, at mag-log in sa elektronikong sistema ng abiso ng MoL gamit ang inyong numero ng Qatari ID (QID) at ang numero ng inyong cellphone. Tandaan na ang numero ng cellphone na inyong ginagamit upang mag-log in ay dapat na naka-konekta sa inyong QID. Kapag nakapasok na kayo sa Sistema, i-upload ang nakumpleto at nilagdaang form sa "Pagpapalit ng Tagapag-empleyo".
3. Sa sandaling isumite na ninyo ang inyong aplikasyon, bubuo ang sistema ng isang EC (Pagpapalit ng Tagapag-empleyo o Employer Change) na numero na lalabas sa inyong screen. Napakahalaga ng numero ng EC, kaya tiyaking isulat ninyo ito, kunan ng litrato sa inyong telepono.
4. Kapag naaprubahan na ng Ministri ang inyong aplikasyon para magpalit ng trabaho, makakatanggap kayo ng SMS mula sa Ministri na nagkukumpirma sa inyong pagbabago ng trabaho at nag-aabiso sa inyo tungkol sa inyong panahon ng abiso. Parehong makakatanggap ng SMS ang inyong kasalukuyang tagapag-empleyo at ang inyong bagong tagapag-empleyo.
   - Kung nagtrabaho kayo sa inyong kasalukuyang pinagtatrabahuhan ng dalawang taon o mas maikli, ang panahon ng inyong abiso ay **1 buwan.**
   - Kung nagtrabaho kayo sa inyong kasalukuyang pinagtatrabahuhan nang higit sa dalawang taon, ang panahon ng inyong abiso ay magiging **2 buwan.**

   Ang katapusan ng inyong panahon ng abiso ay nakalakip sa SMS mula sa Ministri. Kailangan ninyong ipagpatuloy ang pagtatrabaho para sa inyong kasalukuyang tagapag-empleyo sa panahon ng abiso.

5. Sa loob ng tatlong buwan mula sa pagtatapos ng inyong panahon ng abiso, ang inyong bagong tagapag-empleyo ay kailangang magsumite ng mga detalye ng inyong kontrata sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng Digital na Sistema ng Pagpapatotoo para sa isang Maramihang Wika na Kontrata sa Pagtatrabaho. Ito ay bubuo ng inyong bagong kontrata sa pagtatrabaho, na kailangan lagdaan ninyo at ng inyong bagong tagapag-empleyo. Kapag nalagdaan na ninyong dalawa, ia-upload ito ng bagong tagapag-empleyo sa digital na plataporma ng MoL para sa pagpapatotoo. Ang inyong bagong tagapag-empleyo ay dapat magbigay sa inyo ng kopya ng kontrata na pinatotohanan ng MoL. Maaari niyo ring i-download ito mula sa website ng MoL.
6. Panghuli, ang inyong bagong tagapag-empleyo ay magla-log in sa webpage ng mga serbisyo ng Metrash ng Ministri ng Panloob (Ministry of Interior) upang humiling ng bagong QID para sa inyo. Ang inyong bagong tagapag-empleyo ay dapat magbigay sa inyo ng bagong QID.

## Kailangan ko bang sundin ang parehong pamamaraan para magpalit ng trabaho sa panahon ng aking probasyon?

Maaaring nakasaad sa inyong kontrata sa pagtatrabaho na kayo ay sasailalim sa panahon ng probasyon na napagkasunduan ng inyong tagapag-empleyo. Gayunpaman, ang panahon ng probasyong ito ay hindi dapat lumampas sa anim na buwan mula sa petsa ng pagsisimula ng inyong trabaho, at hindi kayo maaaring sumailalim sa higit sa isang probasyon sa parehong tagapag-empleyo.

Maaari ninyong wakasan ang kontrata sa pagtatrabaho sa loob ng panahon ng probasyon, kung susundin ninyo ang sumusunod:

- Isumite ang inyong aplikasyon para magpalit ng trabaho sa pamamagitan ng MoL elektronikong sistema ng abiso tulad ng inilarawan sa itaas kahit isang buwan bago ninyo planong umalis sa inyong trabaho.
- Dapat bayaran ng inyong bagong tagapag-empleyo ang inyong kasalukuyang tagapag-empleyo ng bahagi ng bayad sa pangangalap at one-way na tiket sa eroplano sa antas na napagkasunduan ng kasalukuyan at bagong mga tagapag-empleyo, hindi lalampas sa dalawang buwan ng inyong kasalukuyang pangunahing sahod.
- Sa pag-apruba ng Ministri na magpalit ng trabaho, makakatanggap kayo ng SMS mula sa MoL na nagkukumpirma sa inyong pagbabago ng trabaho at nag-aabiso sa inyo tungkol sa inyong panahon ng abiso. Ang petsa ng pagtatapos ng inyong panahon ng abiso ay isasaad sa SMS. Dapat kayong magpatuloy sa pagtatrabaho sa inyong kasalukuyang pinagtatrabahuhan hanggang sa petsa ng pagtatapos maliban kung napagkasunduan sa inyong kasalukuyang tagapag-empleyo.

## Paano ko masusuri ang katayuan ng aplikasyong isinumite sa sistema ng elektronikong abiso ng MoL?

Kapag naisumite niyo na ang inyong aplikasyon para magpalit ng trabaho gamit ang elektronikong sistema ng abiso ng MoL, maaari ninyong tingnan ang katayuan ng aplikasyon sa pamamagitan ng sumusunod na link: http://ecai.adlsa.gov.qa/
Upang mag-log in, kakailanganin ninyong isama ang numero ng inyong QID at ang numero ng EC na nabuo sa elektronikong sistema ng abiso ng MoL noong isinumite ninyo ang inyong aplikasyon.

## Ano ang mangyayari kung hindi ko makumpleto ang panahon ng abiso sa aking kasalukuyang pinagtatrabahuhan?

Kung magpasya kayong huminto sa pagtatrabaho bago matapos ang panahon ng inyong abiso, kailangan ninyong bayaran ang inyong kasalukuyang tagapag-empleyo para sa bawat araw ng panahon ng abiso na hindi kayo nagtatrabaho.

Ito ay kinakalkula bilang halaga na katumbas ng inyong pangunahing sahod para sa natitirang bahagi ng panahon ng abiso sa pro rata na batayan. Halimbawa: Kung gusto ninyong huminto sa pagtatrabaho dalawang linggo bago matapos ang panahon ng inyong abiso at ang inyong pangunahing sahod ay QAR 1,500 bawat buwan, kailangan ninyong bayaran ang inyong tagapag-empleyo ng QAR 750 upang legal na wakasan ang kontrata.

## Maaari ba akong makipagsundo sa aking kasalukuyang tagapag-empleyo na huwag nang tuparin ang aking panahon ng abiso?

Oo, kayo at ang inyong kasalukuyang tagapag-empleyo ay maaaring magkasundo na hindi tumupad sa panahon ng abiso. Sa ganoong sitwasyon, maaari kayong mag-lakip ng isang liham na nilagdaan ninyo at ng inyong kasalukuyang tagapag-empleyo para sa inyong aplikasyon upang lumipat ng trabaho. Ang nilagdaang liham ay dapat na tahasang nagsasabi na kayo at ang inyong kasalukuyang tagapag-empleyo ay nagkasundo na hindi sumunod sa panahon ng abiso na itinakda ng mga nauugnay na batas. Isasaalang-alang ng MoL ang napagkasunduan kapag tinutukoy ang panahon ng abiso.

## Kailangan ko bang bayaran o isauli ang nagasta ng aking bagong pagtatrabahuan para sa anumang mga gastos sa pangangasiwa para sa pagpapalit ng tagapag-empleyo?

Hindi, ang pamamaraan sa pagpapalit ng tagapag-empleyo ay walang bayad para sa mga manggagawa. Bilang karagdagan, **hindi** ninyo kailangang magbayad o mag-sauli ng anumang halaga sa inyong bagong tagapag-empleyo para sa pagpapalabas ng bagong QID.

## Maaari bang kanselahin ng aking kasalukuyang pinagtatrabahuhan ang aking QID pagkatapos kong isumite ang aking aplikasyon upang magpalit ng trabaho?

Kapag naisumite na ninyo ang inyong aplikasyon para magpalit ng trabaho sa pamamagitan ng elektronikong sistema ng abiso ng MoL, hindi maaaring kanselahin ng inyong kasalukuyang pinagtatrabahuhan ang inyong QID o magsampa ng huwad na kaso ng pagtakas.

## Ano ang maaari kong gawin kung kinansela ng aking kasalukuyang pinagtatrabahuhan ang aking QID bago ko isumite ang aking aplikasyon para magpalit ng trabaho?

Kung sakaling kanselahin ng inyong kasalukuyang pinagtatrabahuhan ang inyong QID bago ninyo isumite ang inyong aplikasyon, kailangan ninyo munang magsumite ng reklamo sa pamamagitan ng Pinag-isang Plataporma para sa mga Reklamo at Whistleblower ng MoL o sa pamamagitan ng pagpunta sa MoL. Sa pagsusuri ng Ministri ng inyong reklamo, kailangan ninyong magsumite ng isang nilagdaang liham sa wikang Arabe na naka-address sa Pinuno ng Departamento ng Ugnayan sa Paggawa na humihiling na muling buhayin ang inyong QID. Sa liham, dapat ninyong isama ang isang maikling paliwanag kung bakit ninyo hinihiling na muling buhayin ang inyong QID. Siguraduhing banggitin ang inyong QID at mga numero ng cellphone sa liham. Bilang karagdagan sa nilagdaang liham, dapat ka ring magsumite ng kopya ng inyong QID, kopya ng SMS na nagpapaalam tungkol sa pagkansela ng inyong QID; at kopya ng bagong alok na trabaho. Tandaan na magtago ng kopya ng mga dokumentong ito para sa inyong rekord.

Makikipag-ugnayan ang MoL sa Ministri ng Panloob para muling buhayin ang inyong QID. Maaari ninyong tingnan ang katayuan ng inyong QID sa pamamagitan ng Metrash.

Sa sandaling muling na-buhay ang inyong QID maaari na kayong mag-apply para magpalit ng trabaho gamit ang elektronikong sistema ng abiso ng MoL.

## Maaari ko bang kanselahin ang aking aplikasyon para magpalit ng trabaho?

Kung nagsumite ka ng aplikasyon para magpalit ng trabaho sa pamamagitan ng elektronikong sistema ng abiso ng MoL at ang inyong aplikasyon ay sinusuri pa, maaari ninyo itong kanselahin sa pamamagitan ng parehong sistema. Mag-log in sa elektronikong sistema ng abiso ng MoL gamit ang numero ng inyong QID at ang inyong mobile na numero.

Kung nais ninyong kanselahin ang inyong aplikasyon para magpalit ng trabaho pagkatapos makatanggap ng pag-apruba mula sa Ministri at bago mapatotohanan ang inyong bagong kontrata sa pagtatrabaho, kailangan ninyong magsumite ng nakasulat na kahilingan sa MoL. Dapat kayong magsumite ng isang nilagdaang liham sa Arabic na naka-address sa Pinuno ng Departamento ng Ugnayang Paggawa na humihiling na kanselahin ang inyong aplikasyon. Sa liham, dapat ninyong isama ang isang maikling paliwanag kung bakit ninyo hinihiling na kanselahin ang inyong aplikasyon kasama ang numero ng EC, isang kopya ng inyong QID at numero ng cellphone.

## Makukuha ko ba ang aking mga benepisyo sa pagtatapos ng serbisyo kung ako ay magpapalit ng tagapag-empleyo?

Kung nakakumpleto kayo ng hindi bababa sa isang taon ng pagtatrabaho at gusto ninyong magpalit ng tagapag-empleyo, may karapatan kayong tanggapin mula sa inyong kasalukuyang pinagtatrabahuhan ang inyong mga benepisyo sa pagtatapos ng serbisyo kasama ang anumang naipon na taunang bakasyon at iba pang mga benepisyo tulad ng nakasaad sa inyong kontrata sa pagtatrabaho.

## Kung hindi pa ako nababayaran ng aking sahod, kailangan ko pa bang magbigay ng abiso bago magpalit ng trabaho?

Kung ang inyong kasalukuyang pinatatrabahuhan ay hindi tumupad sa kanyang mga legal na obligasyon (kabilang ang pagbabayad ng sahod), maaari kayong magpalit ng trabaho nang hindi nagbibigay ng anumang abiso alinsunod sa binagong Artikulo 51 ng Batas sa Paggawa. Dapat kayong magsumite ng reklamo sa Departamento ng Ugnayang Paggawa sa MoL. Magagawa ninyo ito sa pamamagitan ng Pinag-isang Plataporma para sa mga Reklamo at Whistleblower ng Ministri.

Tandaan na mayroon kayong ganap na karapatan na makuha ang inyong nararapat na sahod, pabuya sa pagtatapos ng serbisyo (pagkatapos ng higit sa isang taon ng serbisyo) at anumang pro rata na taunang bakasyon na dapat bayaran. Kailangang pasanin ng inyong pinagtatrabahuhan ang halaga ng tiket sa eroplano para makabalik kayo sa inyong bansa kung pipiliin ninyong umalis ng Qatar.

## Maaari ba akong umalis na lang sa Qatar at bumalik muli para magsimula ng bagong trabaho?

Kung aalis kayo sa Qatar nang hindi nagbibigay ng abiso o nakumpleto ang inyong panahon ng abiso, hindi kayo makakabalik sa trabaho sa Qatar sa loob ng isang taon. Upang maiwasan ang ganitong sitwasyon, dapat ninyong sundin ang mga sumusunod na pamamaraan:

Kung nais ninyong umalis sa Qatar sa panahon ng inyong probasyon:

- Dapat ninyong ipaalam sa inyong pinagtatrabahuhan sa pamamagitan ng elektronikong sistema ng abiso ng Mol. Ang panahon ng abiso ay dapat na napagkasunduan ng inyong pinagtatrabahuhan ngunit hindi dapat humigit sa dalawang buwan.
- Kung nais ninyong umalis nang hindi tinatapos ang inyong panahon ng abiso, dapat kayong magbayad ng kabayaran sa inyong tagapag-empleyo na katumbas ng inyong pangunahing sahod para sa natitirang bahagi ng panahon ng abiso, sa kondisyon na ang halagang ito ay hindi lalampas sa dalawang buwang pangunahing sahod.

Kung nais ninyong umalis sa Qatar pagkatapos ng inyong panahon ng probasyon:

- Kung nagtrabaho kayo sa tagapag-empleyo sa loob ng dalawang taon o mas maikli, kailangan ninyong ipaalam sa inyong tagapag-empleyo isang buwan bago ang pagwawakas ng kontrata sa pagtatrabaho, sa pamamagitan ng elektronikong sistema ng abiso ng MoL.
- Kung nagtrabaho kayo sa tagapag-empleyo nang higit sa dalawang taon, kailangan ninyong ipaalam sa inyong tagapag-empleyo dalawang buwan bago ang pagwawakas ng kontrata sa pagtatrabaho, sa pamamagitan ng elektronikong sistema ng abiso ng MoL.
- Kung nais ninyong umalis sa Qatar nang hindi sinusunod ang panahon ng abiso sa itaas, dapat ninyong bayaran ang tagapag-empleyo ng kabayaran na katumbas ng inyong pangunahing sahod para sa natitirang bahagi ng panahon ng abiso.

## Maaari bang wakasan ng aking tagapag-empleyo ang aking kontrata sa pagtatrabaho?

Oo, maaari ring wakasan ng inyong pinagtatrabahuhan ang inyong kontrata sa pagtatrabaho.

1. **Sa panahon ng probasyon,** kung nakita ng inyong tagapag-empleyo na "hindi ninyo nagagampanan ang inyong mga tungkulin sa trabaho" ayon sa itinakda sa inyong kontrata sa pagtatrabaho, maaaring wakasan ng inyong pinagtatrabahuhan ang kontrata ngunit dapat kayong abisuhan ng hindi bababa sa isang buwan bago ang pagwawakas sa pamamagitan ng elektronikong sistema ng MoL.

   Kung sa pagtatapos ng kontrata sa pagtatrabaho ay nagpasya kayong bumalik sa inyong bansang tinitirhan, dapat sagutin ng tagapag-empleyo ang mga gastos sa tiket sa eroplano pauwi.

2. **Pagkatapos ng panahon ng probasyon,** kung gusto ng inyong tagapag-empleyo na wakasan ang inyong kontrata sa pagtatrabaho kailangan niya itong ipaalam sa inyo sa pamamagitan ng elektronikong sistema ng MoL.
   - Kung nagtrabaho kayo sa tagapag-empleyo sa loob ng dalawang taon o mas maikli, ang panahon ng abiso ay isang buwan.
   - Kung nagtrabaho kayo sa tagapag-empleyo nang higit sa dalawang taon, ang panahon ng abiso ay dalawang buwan.

Kayo at ang inyong tagapag-empleyo ay dapat na parehong panindigan ang mga tuntunin at kundisyon ng kontrata sa pagtatrabaho sa panahon ng abiso.

## Maaari bang wakasan ng aking tagapag-empleyo ang aking kontrata sa pagtatrabaho nang hindi sinusunod ang panahon ng abiso?

Kung winakasan ng tagapag-empleyo ang inyong kontrata nang hindi sinusunod ang panahon ng abiso, kailangan niya kayong bayaran ng kabayarang katumbas ng inyong pangunahing sahod para sa panahon ng abiso o ang natitirang bahagi ng panahon ng abiso.

Halimbawa: Kung ang inyong pangunahing sahod ay QAR 1,500 bawat buwan at hihilingin sa inyo ng inyong tagapag-empleyo na huminto sa pagtatrabaho dalawang linggo bago matapos ang isang buwang panahon ng abiso, ang inyong tagapag-empleyo ay kailangang magbayad sa inyo ng QAR 750 upang wakasan ang kontrata sa legal na paraan.

## Kailangan bang bayaran ng aking tagapag-empleyo ang aking tiket sa paglipad pabalik sa aking bansang tinitirhan pagkatapos ng pagtatapos ng kontrata sa pagtatrabaho?

Dapat kumpletuhin ng inyong tagapag-empleyo ang inyong mga pamamaraan sa pagpapauwi, kabilang ang pagpapasan sa halaga ng isang tiket sa eroplano patungo sa inyong bansang tinitirhan sa loob ng pinakamatagal na dalawang linggo mula sa pagtatapos ng inyong kontrata. Kung magtatrabaho ka sa ibang tagapag-empleyo bago umalis ng bansa, ang obligasyon sa pagpapauwi ay dapat na nasa bagong tagapag-empleyo.

Sa mga kaso kung saan winakasan ninyo ang kontrata at planong umalis sa Qatar, habang iginagalang ang panahon ng abiso (sa labas ng saklaw ng binagong Artikulo 51 ng Batas sa Paggawa), sasagutin lamang ng inyong tagapag-empleyo ang bahagi ng halaga ng tiket pauwi na katumbas ng tagal ng trabaho na nakumpleto ninyo mula sa buong termino ng kontrata. Halimbawa: Kung winakasan ninyo ang inyong dalawang taong kontrata sa pagtatrabaho pagkatapos magtrabaho ng isang taon, sasagutin ng tagapag-empleyo ang kalahati ng kabuuang halaga ng tiket pauwi.

## PARA SA MGA MANGGAGAWA NA SAKOP NG MGA ESPESYAL NA BATAS

### Ano ang mga patakaran para sa pagwawakas at pagpapalit ng trabaho para sa mga domestikong manggagawa?

Ang mga patakaran para sa pagwawakas at pagpapalit ng trabaho para sa mga domestikong mangagawa ay kapareho ng para sa mga manggagawa sa pribadong sektor, na sakop ng Batas sa Paggawa Blg. 14 ng 2004. Isang binagong karaniwang kontrata sa pagtatrabaho para sa mga domestikong mangagawa na sumasalamin sa mga patakarang ito ay pinagtibay. Gayunpaman, tandaan na ang panahon ng probasyon para sa mga domestikong mangagawa ay hindi maaaring lumampas sa 3 buwan. Bilang karagdagan, ang isang domestikong mangagawa ay maaari lamang magkaroon ng isang probasyon sa parehong tagapag-empleyo.

Ang mga tagapag-empleyo ng mga domestikong mangagawa ay maaaring wakasan ang kontrata sa pagtatrabaho nang walang abiso at nang hindi nagbibigay ng pabuya sa pagtatapos ng serbisyo para sa taon ng pagtanggal, kung ang manggagawa ay hindi sumunod sa mga obligasyong itinakda sa kontrata sa pagtatrabaho o sa mga inilarawan sa Artikulo (11) at (16) ng Batas Blg. 15 ng 2017 tungkol sa mga Domestikong Manggagawa.

Bilang karagdagan, sa mga kaso na tinukoy ng Artikulo 17 ng Batas Blg. 15 ng 2017 sa mga Domestikong Manggagawa, ang mga domestikong mangagawa ay maaaring wakasan ang kanilang kontrata sa pagtatrabaho anumang oras sa panahon ng kontrata nang walang abiso at habang pinapanatili ang kanilang karapatan sa pagkakaroon ng pabuya sa serbisyo, pro rata taunang bakasyon pati na rin ang isang tiket sa eroplano pabalik sa kanyang bansang pinanggalingan.

### Ano ang mga patakaran para sa pagwawakas at pagpapalit ng trabaho para sa mga manggagawang pang-agrikultura at pastulan, at mangingisda?

Ang mga patakaran para sa pagwawakas at pagpapalit ng trabaho para sa mga manggagawang pang-agrikultura at pastulan, gayundin sa mga mangingisda, ay kapareho ng para sa mga manggagawa sa pribadong sektor na saklaw ng Batas sa Paggawa Blg. 14 ng 2004.

Kung kailangan ninyo ng higit pang mga detalye, suriin ang Resolusyon ng Konseho ng mga Ministro Blg. 17 ng 2012 sa aplikasyon ng ilang probisyon ng Batas sa Paggawa Blg. 14 ng 2004 sa mga manggagawa sa agrikultura at pastulan.

## ANO ANG DAPAT KONG GAWIN KUNG ANG AKING KASALUKUYANG PINAGTATRABAHUHAN AY PINIPIGILAN AKO NA LUMIPAT SA IBANG TAGAPAG-EMPLEYO O KUNG KAILANGAN KO NG KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Kung sa palagay ninyo ay hindi makatarungang pinipigilan kayo ng inyong kasalukuyang pinagtatrabahuhan na magpalit ng trabaho o kung kailangan ninyo ng higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Departamento ng Ugnayan sa Paggawa ng Ministri ng Paggawa sa hotline (**40288101**), sa pamamagitan ng email (info@mol.gov.qa), o bisitahin ang aming mga opisina. Maaari rin kayong magsumite ng reklamo sa Ministri gamit ang Pinag-isang Plataporma para sa mga Reklamo at Whistleblower upang magsumite ng reklamo.